

May the **FORCE**
be with you...

BELMAN
Recommends
Mga Gabay
Sa Pagpaparami
Ng Itlog
(LAYERS)



1st EDITION



MGA GABAY SA PAGPAPARAMI NG ITLOG (LAYERS)

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
1 linggo bago dumating ang mga sisiw	Linisin mabuti ang kulungan, pakainan at painuman. Patuyuin sa hangin.	Upang maiwasan ang inpeksyon galing sa mga dumi ng paligid.	IODOSTRIKE® Antiseptic Solution	Timplahin at gamitin bilang huling banlaw. Sundin ang isinasaad sa pakete.
Araw 1	Bigyan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes. Magbakuna laban sa Marek's Disease. Bigyan ng Chick Booster 22% CP. Haluan ng bitamina at mineral ang pagkain.	Proteksiyon laban sa Marek's Disease. Simula ng pagpapakain. Para sa makusog na paglaki ng mga sisiw.	BIGG ELECTROLYTES MAREK'S DISEASE VACCINE CECICAL POWDER	Dalawang kutsara (10 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-6 araw. 0.2 ml paineksyon sa batok ng sisiw. Ipakain hanggang gusto. Ipagpatuloy hanggang ika-14 araw. 2-4 kutsara sa bawat 11 kilong pagkain o 2-3 kilo sa bawat toneladang pagkain. Maghalo hanggang ika-14 na araw.
Araw 4	Magbakuna laban sa Gumboro Disease.	Proteksiyon laban sa Gumboro Disease.	GUMBORO LIVE VACCINE	0.5 ml paineksyon sa batok ng sisiw o kalahok sa tubig inumin.
Araw 7	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksiyon laban sa sakit	BIGG CHICKEN FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng tubig inumin. Gamitin hanggang ika-10 araw.
Araw 11	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksiyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig inumin. Ibigay hanggang ika-15 na araw.
Araw 13	Magbakuna laban sa NCD. Unang pagputol ng tuka.	Proteksiyon laban sa NCD Para maiwasan ang "cannibalism".	NCD B1 B1 STRAIN "Debeaker"	Isang patak sa mata o ilong ng sisiw (IO o IN). Makipag-ugnayan sa nakakaalam.
Araw 14	Ikalawang bakuna laban sa Gumboro Disease.	Proteksiyon laban sa Gumboro Disease.	GUMBORO DISEASE ATTENUATED VACCINE	Ibigay sa tubig inumin.
Araw 15	Dahan-dahang palitan ng Starter Mash 16% CP ang pagkain. Haluan ng bitamina at mineral ang pagkain.	Para sa mabilis na paglaki at matibay na katawan.	NEW IMPROVED V-22 POWDER CECICAL POWDER	Ipakain hanggang sa ika-140 araw. 3-4 kutsara sa bawat 11 kilo o 3-4 kilo sa bawat toneladang pagkain hanggang sa ika-140 araw. 2-4 kutsara sa bawat 11 kilo o 2-3 kilo sa bawat toneladang pagkain hanggang ika-140 araw.
Araw 16	Bigyan ng inuming tubig na may Sulfá.	Proteksiyon laban sa coccidiosis at malaria.	BELMET DRINKING WATER SOLUTION	Dalawang kutsara sa bawat galon ng inumin. Ipainom hanggang ika-19 na araw.
Araw 20	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksiyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ipainom hanggang ika-26 na araw.
Araw 25	Unang bakuna laban sa Fowl Pox. Ikalawang bakuna laban sa NCD.	Proteksiyon laban sa Fowl Pox. Proteksiyon laban sa NCD.	FOWL POX VACCINE NCD B1 B1 STRAIN	Sundin ang isinasaad sa pakete. Maghalo sa tubig inumin.

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
Araw 27	Palitan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-31 na araw.
Araw 32	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Patuloy na proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng tubig. Gamitin hanggang ika-36 araw.
Araw 37	Bigyan ng inuming tubig na may sulfa.	Proteksyon laban sa coccidiosis at karaniwang sakit.	BELMET DRINKING WATER SOLUTION	Dalawang kutsara sa bawat galon ng inuming tubig. Gamitin hanggang ika-41 na araw.
Araw 42	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig. Ibigay hanggang ika-47 na araw.
Araw 46	Magbakuna laban sa Coryza.	Proteksyon laban sa Coryza o sipon.	CORYZA VACCINE	0.5 ml paineksyon sa laman o IM
Araw 48	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sipon.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika-50 na araw.
Araw 51	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig inumin. Ibigay hanggang ika-55 na araw.
Araw 53	Ikalawang bakuna laban sa Fowl Pox.	Proteksyon laban sa Fowl Pox.	FOWL POX VACCINE	Sundin ang isinasaad sa pakete.
Araw 56	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-59 na araw.
Araw 60	Unang pagpurga laban sa bulate.	Upang alisin ang mga kaagaw sa pagkain.	PIDRO WORM KILLER	200 mg sa bawat 1 kilong timbang ng manok. Ihalo sa pagkain sa umaga o sa tubig inumin.
Araw 61	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sipon.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika-63 na araw.
Araw 64	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galong inumin. Ipainom hanggang ika-67 na araw.
Araw 67	Ikalawang pagputol ng tuka.	Para maiwasan ang 'cannibalism'.	"Debeaker"	Makipag-ugnayan sa nakakaalam.
Araw 68	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sipon.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika-71 na araw.
Araw 72	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ipainom hanggang ika-78 na araw.
Araw 76	Ikalawang bakuna laban sa Coryza.	Proteksyon laban sa "Coryza".	INFECTIOUS CORYZA VACCINE	0.5 ml paineksyon sa laman o IM.
Araw 79	Bigyan ng inuming tubig na may Sulfa.	Proteksyon laban sa coccidiosis at karaniwang sakit.	BELMET DRINKING WATER SOLUTION	Dalawang kutsara sa bawat galon ng inuming tubig. Gamitin hanggang ika-82 na araw.
Araw 83	Bigyan ng inuming tubig na may	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG	Isang kutsara (5 gms) sa bawat

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
Araw 88	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Para sa tuloy-tuloy na proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig. Gamitin hanggang ika-91 araw.
Araw 92	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sipon.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika-95 na araw.
Araw 96	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ipainom hanggang ika-104 na araw.
Araw 100	Magbakuna laban sa NCD, IB at Egg Drop Syndrome.	Proteksyon laban sa NCD, IB at EDS.	NCD KILLED + IB + EDS 76	Sundin ang isinasaad sa pakete.
Araw 105	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-109 araw.
Araw 110	Ikalawang pagpurga laban sa bulate.	Upang alisin ang mga kaagaw sa pagkain	PIDRO WORM KILLER	200 mg sa bawat 1 kilong timbang ng manok. Ihalo sa pagkain sa umaga o sa tubig inumin.
Araw 111	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ipainom hanggang ika-118 na araw.
Araw 119	Bigyan ng inuming tubig na may Sulfa.	Proteksyon laban sa Coccidiosis bago ilipat sa kulungan.	BELMET DRINKING WATER SOLUTION	Dalawang kutsara sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-123 na araw.
Araw 124	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Patuloy na proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng tubig. Gamitin hanggang ika-128 na araw.
Araw 129	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sipon.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika-132 na araw.
Araw 133	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galong inumin. Ibigay hanggang ika-140 na araw.
Araw 135 *	Ilipat sa kulungan palitugan.			
Araw 140	Palitan ang pagkain ng Laying Mash na may Calcium supplement. Ipagpatuloy ang bitamina / mineral sa pagkain.	Bilang paghahanda sa pangangitlog.	CECICAL POWDER NEW IMPROVED GROFAC	Ipakain hanggang ika-2 taon ng buhay. 2-4 na kutsara sa bawat 11 kilo o 2-3 kgs sa bawat tonelada ng pagkain. Maghalo hanggang nangangitlog ang mga manok. 3-4 kutsara sa bawat 11 kilo o 3-4 kilo sa bawat tonelada ng pagkain. Maghalo hanggang ika-170 na araw.
Araw 141	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-147 na araw.
Araw 148	Palitan ng inuming tubig ng may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-154 na araw.

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
Araw 155	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-151 na araw.
Araw 162	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-168 na araw.
Araw 169	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 1	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Ibigay hanggang ika-175 na araw.
Araw 175	Simula ng pangangitlog, Ang pag-aantala sa pangangitlog ay ginagawa. Ipagpatuloy ang pagbibigay ng suplementong bitamina, mineral at antibiotiko sa pagkain.	Upang maiwasan ang prolapse o "buwa" at makasiguro ng malalaking itlog. Upang mapanatili ang "peak" egg production sa mahabang panahon.	BIGG CHICKEN GROWTH ENHANCER NEW IMPROVED GROFAC	2-3 kutsara sa bawat 11 kilo ng pagkain o 2-3 kilo sa bawat toneladang pagkain. Ihalo sa susunod na tatumpung (30) araw. 3-4 kutsara sa bawat 11 kilo ng pagkain o 3-4 kilo sa bawat toneladang pagkain. Ihalo sa pagkain sa susunod na dalawampung (20) araw. PASUBALI: Pagsalitin ang paghahalo ng mga suplemento habang nangangitlog. Itigil ang paghahalo sa huling 2 buwan ng pangangitlog.

PAALA-ALA: Sa mga susunod na buwan ng pangangitlog at tuwing ika-anim na buwan habang nangangitlog ang manok.

Tuwing 45 na araw	Magpurga laban sa bulate	Upang alisin ang mga kaagaw sa pagkain.	PIDRO WORM KILLER	200 mg sa bawat kilong bigat ng manok.
Tuwing 6 na buwan	Magbakuna laban sa NCD	Proteksyon laban sa NCD.	NCD B1/ LA SOTA STRAIN	Sundin ang isinasaad sa pakete.
Tuwing 7 na araw	Magbigay ng inuming may gamot.	Proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 1 o FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin sa loob ng 5-7 araw.

Sa tuwing may stress o pagod na nangyayari, gumamit ng **BIGG ELECTROLYTES** sa tubig inumin at maghalo ng **NEW IMPROVED GROFAC** sa pagkain.

MGA KARAGDAGANG KAALAMAN SA PAGMAMANUKAN (LAYERS)

ANG PAGKAIN

Narito naman ang batayan ng nakakain ng mga manok at uri ng pagkain sa loob ng panahon ng pag-aalaga ng layers:

Unang 2 linggo
Sunod na 2 linggo

URI NG PAGKAIN
Chick Booster
ChickStarter

DAMI
11 - 17 gms/araw/sisiw
26 - 35 gms/araw/manok

- Ipagpatuloy ang pagkain ng Chick Starter hanggang ika-24 na linggo at pagdaragdag sa pagkain ng mga 5 gramo bawat linggo. Mas konti kumain ang mga layers kaysa sa broilers batay sa kanilang lahi kung saan hindi hinahanap ang mabilis na paglaki ng laman ng katawan kung hindi ang galing sa pangangitlog.

Layer Mash 80 - 110 gms/araw/manok

- Ipagpatuloy ang pagkain ng Layer Mash hanggang inaalagaan ang mga layers. Ang kanilang buhay ay tatalon ng 2 taon kung saan ang huling 18 buwan ng buhay ay nauukol sa

MGA PRODUCTION TARGETS:

Para sa **LAYERS:**

90% egg production ang optimum target.

75-85% egg production ang average target.

60-65% egg production ang break-even point.

- Ang oras na 5:00 ng umaga hanggang ika-3:00 ng hapon ang oras ng pangingitlong. Anuman ang mangyari, ang mga layers ay hindi dapat istoryuhin sa loob ng kanilang bahay. Ipagpaliban ang paglilinis at pagkakaraga ng mga kainan at inuman sa mga oras na ito.

ANG PABAHAY

Ang mga manok na nagsisiksikan sa maliit na lugar ay mabagal lumaki. Mainit ang katawan ng mga manok at mahalaga sa kanila ang tama at hustong bentilasyon. Kung masyadong mainit ang paligid, ang mga manok ay nawawalan ng gana kumain. Kung gayon ay hindi makukuha ang gusto natin timbang nila sa loob ng takdang panahon ng pag-aalaga. Minsan pa ay simula ng pagaaway ng mga manok ang sobrang siksikan.

Ang mga layers naman ay puwedeng ikulong sa layer cages na maari hanggang ikatlong palapag. Mula sa 3 hanggang 4 manok ang maaring pagsamahin sa isang cage o kulungan. Sundin lamang ang sukat na ibinigay.

Tandaan lamang na maglagay ng tabing sa paligid ng kulungan na puwedeng itaas at ibaba kung kailangan lalo sa panahon ng tag-ulan. Maglagay din ng sapat na dami ng pakainan at inumin sa loob o sa paligid ng kulungan batay sa dami ng manok na aalagaan. Tiyakin din ang madaling paglilinis ng mga ipot ng manok. Paglaanan ang bentilasyon ng pabahay sa panahon naman ng tag-init.

Maglagay din ng brooder lamps sa mga sisiw.

ANG PAGPUPURGA

Malaking kawalan sa paglaki ng mga manok ang perwisyonng dulot ng mga bulate. Maaring makihati ang mga bulate sa pagkain ng mga manok hanggang sa 30% ng tunaw na pagkain. Mabuti na lang at ang pagpupurga sa mga manok sa pamamagitan ng PIDRO ay napakadali sa pamamagitan ng paghalo sa pagkain o sa inumin. Isang mahusay na gawain ang pagpupurga tuwing 45 araw simula sa ika-8 linggo ng buhay ng manok.

Ang mga manok ay may ugaling kaykayin o tukain muli ang mga ipot nilang may bulate na galing sa huling pagpupurga. Kaya halos paikot-ikot lang ang inpeksyon ng bulate sa kanila. Lalong-lalo na kung ang kanilang pabahay ay sama-sama at hindi nabibigyan pansin gaano ang paglilinis ng kanilang ipot.

Panatiliin laging malinis ang mga kulungan upang maiwasan ang "vicious cycle" ng inpeksyon ng bulate gayon din ay maiwasan ang mga langaw sa paligid na nagdadala ng mga itlog ng bulate sa kanilang mga paa at inilwan ito sa mga pagkain ng manok kapag dinapuan.

ANG PAGBABAKUNA

Tangi ang pagbabakuna lamang ang proteksyon ng mga manok laban sa sakit. Sundin ang talaan ng mga bakunang mahalaga sa buhay ng mga manok sa kanilang takdang araw. Ito rin ang proteksyon sa puhunan ng nag-aalaga.

Mayroon ilang pasubali sa pagbabakuna. Karaniwan na ang paggamitng maliit na dosis ng antibiotiko sa inumin at pagkain ng manok para sa mabilis na paglaki at tulong laban ang sakit. Mahalaga na maglaan ng 2 - 4 na araw bago magbakuna at 2 - 4 na araw matapos magbakuna na walang antibiotiko ang inumin at pagkain ng mga manok. Ito ay upang bigyan daan ang bakuna na tumalab sa katawan ng manok at sila ay makabuo ng angkop na "antibodies" laban dito. Ito ang proteksyon ng mga manok laban sa sakit.

May katibayan na ang patuloy na pag-gamit ng antibiotiko sa pagkain at inumin ng mga manok sa panahon ng pagbabakuna ay nakakasagabal sa kakayahan ng manok na bumuo ng antibodies laban sa sakit.

Upang panatiliin rin ang lusog at lakas ng katawan ng manok sa mga oras na di gumagamit ng antibiotiko sa inumin, maaring gumamit muna ng electrolyte solution. Ito ay tutulong rin sa katawan na bumuo ng antibodies laban sa mga sakit.

ANG PAGGAMIT NG ANTIBIOTIKO SA PAGKAIN AT INUMIN

Ugali na sa pagmamamukan ang paggamit ng mga antibiotiko sa inumin at pagkain. Mahalaga rin ang papel na kanilang ginagampanan sa pagpapabilis laki at pagpaparami ng itlog ng mga manok. Ibayo ang proteksyon na kanilang ibinigay sa panahon ng pagod o stress kung saan puwedeng magupo ang katawan ng manok ng sakit kahit na sila ay bakunado pa lalo na sa panahon ng tag-ulan.

Hindi kailangan ang mga antibiotikong ito sa huling linggo ng buhay ng mga manok. Maari nang itigil ang paggamit nito upang bigyan daan ang kanilang pag-alis sa laman ng mga manok bago ang mga ito ay ibenta. Sa ganitong paraan, wala nang "meat residues" ng antibiotiko sa oras na sila ay bilhin ng mamimili.

Sa mga karaniwang antibiotikong gamit katulad ng Erythromycin, Chlortetracycline, at Tri-sulfas, sapat na ang isang linggo ng patigil-gamit bago ipagbili upang maalis na lahat ang mga residues nila sa laman.

Para sa karagdagang impormasyon sumulat o tumawag sa:

BELMAN COMPANIA INCORPORADA

